Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
DepEd Complex, Meralco Avenue
Lungsod ng Pasig

# MATATAG KURIKULUM

## FILIPINO
## BAITANG 4 at BAITANG 7

## KURIKULUM NG FILIPINO

### Deskripsyon

Ang Matatag na Kurikulum ng K to 12 ay nakatuon sa paglinang ng isang buo at ganap na Pilipinong may kapaki-pakinabang na literasi na magagamit sa kanyang pang-araw-araw na gawain at danas na magiging daan upang maging "globally competetive" at handa sa hinaharap " *future ready*". Ang Filipino ay isa sa pundamental na asignatura na naglilinang ng literasi, kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-unawa sa iba't ibang uri ng teksto, at pagbuo ng multimodal na may lubos na pagpapahalaga sa wikang Filipino at ibang wika sa bansa, kultura, at mga teksto o mga babasahin na magiging daan sa kanyang pagkatuto at paglinang ng ika-21 siglong kasanayan para sa kapaki-pakinabang na pagganap bilang makabansa at global na mamamayan.

Sa ikatatamo ng mithiing ito, kailangang ang kurikulum sa Filipino ay sumunod sa agos ng pagbabago ng panahon. Maraming salik ang kaakibat ng mga pagbabagong ito kung kaya't ang paglalatag ng mga pamantayan, kompetensi, at mga aralin ay maingat na itinala at sinuri batay sa pangangailangan ng mga milenyal na mag-aaral gayundin sa kakayahan ng mga gurong magsisipagturo nito. Hindi lamang ang gabay pangkurikulum ang binigyan pansin gayundin ang mga kagamitang pampagkatuto ng mga mag-aaral at guro bilang suporta sa binagong kurikulum na magmumula sa administrasyon, ahensiyang panlipunan, pribado at publiko, pamahalaang lokal, midya, tahanan at iba pang sektor ng lipunan.

Tuon ng bagong kurikulum sa Filipino ang mga Pangunahing Ideya– **Literasi, Wika at Teksto** (LWT), ito ang pangunahing balangkas sa pagtuturo ng wikang Filipino para sa lubusang pagkatuto ng mga mag-aaral. Nagsisilbi itong mayamang hanguan ng mga kaalaman upang matutuhan ang iba pang larangan. Nakapag-aambag din ito sa kinakailangang literasi at tumutulong sa paglinang ng makrong kasanayan tulad ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat at panonood. Magiging daan din ito upang maging mahusay sa pakikipagtalastasan ang mga mag-aaral nang may tiwala sa sarili at kayang humarap sa iba't ibang sitwasyon gamit ang kanyang sariling wika (una man o ikalawang wika), identidad at kultura.

Sa pagbuo ng kurikulum sa Filipino naging batayan ang kalikasan at pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagkatuto at paggamit ng wika, teksto at teknolohiya, maging ang pangangailangang panlipunan, lokal at global na pamayanan gayundin ang mga kompetensi at batayang kaalaaman ukol sa pagtatamo ng wika at pagsusuri ng mga teksto. Pinagbatayan din ang mga teoryang pilosopikal sa edukasyon, Ibatas pang-edukasyon, polisiyang pangwika at maka-Pilipinong teorya at ilang pagsasakonteksto ng mga teoryang pangkanluranin na hinango ngunit binigyan ng kontekstwalisasyon sa Filipino upang matamo ang isang tunay na makabayang kurikulum.

**Mga Pamantayan sa Filipino K-10**

A. **Pangunahing Pamantayan sa Pagkatuto** (*Core Learning Area Standard*):

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang literasi, kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-unawa sa iba't ibang uri ng teksto, at pagbuo ng multimodal na may lubos na pagpapahalaga sa wikang Filipino at ibang wika sa bansa, kultura, at mga teksto o mga babasahin na magiging daan sa kanyang pagkatuto at paglinang ng ika-21 siglong kasanayan para sa kapaki-pakinabang na pagganap bilang makabansa at global na mamamayan.

B. **Pamantayan sa Bawat Yugto** *(Key Stage Standards):*

| **K – 3** | **4 – 6** | **7 – 10** |
|---|---|---|
| Sa dulo ng Baitang 3, naipamamalas ng mga mag-aaral ang pagkakaroon ng literasi-katatasan sa paggamit ng wika (pakikinig at pagsasalita), kakayahan sa pag-unawa (pagbasa), at kahusayan sa pagbuo ng teksto (pagsulat) gamit ang wikang Filipino na may wastong gramatika at wastong paraan ng pakikipagdiskurso upang malinang ang ganap na literasi sa wika at teksto. | Sa dulo ng Baitang 6, naipamamalas ng mga mag-aaral ang pangunahin at kritikal na mga kasanayang panliterasi, at paglinang ng makrong kasanayan sa Filipino gamit ang mga talastasang may iba't ibang layon, kalahok, konteksto, sitwasyon, kultura at tema. Dagdag ang pagkakaroon ng kaalaman sa mga elementong biswal upang makabuo ng iba't ibang tekstong multimedia gamit ang wikang Filipino upang malinang ang kasanayan sa wika na taglay ang literasi na natamo sa unang yugto bilang katibayan ng pag-unlad ng pagkatuto. | Sa dulo ng Baitang 10, naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain at kritikal na pag-unawa ng mga tekstong nasusulat, mga Obra Maestra, at tekstong biswal gamit ang wikang Filipino bilang wikang intelektuwal na masasalamin ang multilingguwal at multikultural na literasi patungo sa paglikha at presentasyon ng tekstong multimodal na upang malinang ang kasanayan sa pag-unawa at pagsusuri ng mga teksto na taglay ang literasi na natamo sa unang yugto at ang kasanayan sa wika mula sa ikalawang yugto para maging sandata sa pagiging makabansa at global na mamamayan. |

**Pamantayan sa Bawat Baitang** *(Grade Level Standards):*

| **Baitang** | **Pamantayan** |
|---|---|
| **2** | Pagkatapos ng **Ikalawang Baitang**, inaasahang naipamamalas ng mga mag-aaral ang pagkakaroon ng kamalayang ponolohikal, katatasan sa pagpapahayag, pagsusuri at pagbuo ng tekstong naratibo at impormatibo gamit ang mga salitang natutuhan sa wikang Filipino nang may wastong gramatika at diskurso tungkol sa sarili, pamilya, komunidad at kapaligiran. |

| Baitang | Pamantayan |
|---|---|
| **3** | Pagkatapos ng **Ikatlong Baitang**, inaasahang naipamamalas ng mga mag-aaral ang pagkakaroon ng katatasan sa pagpapahayag, pagsusuri at pagbuo ng tekstong naratibo at impormatibo gamit ang mga salitang natutuhan sa wikang Filipino nang may wastong gramatika at diskurso tungkol sa sarili at bansa. |
| **4** | Pagkatapos ng **Ikaapat na Baitang,** inaasahang naipamamalas ng mga mag-aaral ang pangunahin at kritikal na mga kasanayang panliterasi, pakikipagtalastasan nang may wastong gamit ng wika (balarila) sa diskuro na binibiggyang pansin ang kaangkupan ng kaalaman, ideya at damdamin na ayon sa edad, kasarian, kultura, at layunin, kaalinsabay nito na nagagamit ang kaalamang natamo hinggil sa mga elementong biswal sa pagpapakahulugan at pagsusuri patungkol sa komunidad at bansa. |
| **5** | Pagkatapos ng **Ikalimang Baitang**, inaasahang naipamamalas ng mga mag-aaral ang paglalapat ng mga kasanayang panliterasi, pagpapalawak ng bokabolaryo na magagamit sa kritikal na pag-unawa at pagbuo ng mga tekstong naratibo at impormatibo na may paksa patungkol sa komunidad at bansa. |
| **6** | Pagkatapos ng **Ikaanim na Baitang,** inaasahang naipamamalas ng mga mag-aaral ang paglalapat na mga kasanayang panliterasi, pagpapalawak ng bokabolaryo na magagamit sa kritikal na pag-unawa at pagbuo ng mga tekstong naratibo at impormatibo na may paksa patungkol sa bansa at global. |
| **7** | Pagkatapos ng **Ikapitong Baitang**, naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo at nauunawaan at nasusuri ang Obra Maestrang Ibong Adarna, mga tekstong nasusulat tulad ng panitikan sa Panahon ng Katutubo hanggang sa Panahon ng Pananakop ng Espanya gayundin ang mga tekstong impormasyonal, akademik, at biswal para sa pagbuo ng makabuluhang tekstong multimodal na gamit ang mga natutuhang elementong panlingguwistika tungo sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino. |
| **8** | Pagkatapos ng **Ikawalong Baitang**, naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo at nauunawaan at nasusuri ang Obra Maestrang Florante at Laura, mga tekstong nasusulat tulad ng panitikan sa Panahon ng Propaganda hanggang sa Panahon ng Pananakop ng Hapon gayundin ang mga tekstong impormasyonal, akademik, at biswal para sa pagbuo ng makabuluhang tekstong multimodal na gamit ang mga natutuhang elementong panlingguwistika tungo sa pagpapahalaga ng sariling kalinangan. |
| **9** | Pagkatapos ng **Ikasiyam na Baitang**, naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo at nauunawaan at nasusuri ang Obra Maestrang Noli Me Tangere, mga tekstong nasusulat tulad ng panitikan sa Panahon ng Kasarinlan hanggang sa Panahon ng Bagong Milenyo gayundin ang mga tekstong impormasyonal, akademik, at biswal para sa pagbuo ng makabuluhang tekstong multimodal na gamit ang mga natutuhang elementong panlingguwistika tungo sa pakikisangkot nang may kamalayan sa usaping panlipunan. |
| **10** | Pagkatapos ng **Ikasampung Baitang,** naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestrang El Filibusterismo at mga tekstong pampanitikan (sa Panahon ng Kontemporaneo/Makabagong Panahon), mga Korespondensiya Opisyal, impormasyonal, akademik, at biswal para sa pagbuo ng makabuluhang tekstong multimodal na gamit para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa tungo sa pagtatamo ng kaunlarang Pilipino sa kapaki-pakinabang na pagganap bilang makabansa at global na mamamayan. |

## BAITANG 4

## PAMANTAYAN PARA IKAAPAT NA BAITANG

| |
|---|
| Pagkatapos ng **Ikaapat na Baitang,** inaasahang naipamamalas ng mga mag-aaral ang pangunahin at kritikal na mga kasanayang panliterasi, pakikipagtalastasan nang may wastong gamit ng wika (balarila) sa diskuro na binibiggyang pansin ang kaangupan ng kaalaman, ideya at damdamin na ayon sa edad, kasarian, kultura, at layunin, kaalinsabay nito na nagagamit ang kaalamang natamo hinggil sa mga elementong biswal sa pagpapakahulugan at pagsusuri patungkol sa komunidad at bansa. |

## BAITANG 4
## UNANG MARKAHAN

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (alamat, pabula, parabula, at anekdota) at tekstong impormatibo (pag-iisa at paglalarawan), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa pagsasalaysay ng nakawiwiling pangyayari na naglalarawan ng isang lokal o rehiyonal na karanasan (anekdota). |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| **Pakikinig at Pagbasa (Kasanayang Pagtanggap)** | Nauunawaan ang tekstong naratibo (alamat, pabula, parabula, at anekdota)<br>a. Napagsusunod- sunod ang mga pangyayaring hindi bababa sa anim |
| | b. Nasusuri ang katangian at kilos ng tauhan |
| | c. Nakikilala ang realidad at pantasya |
| | d. Naibibigay ang natuklasang kaalaman sa teksto |
| | e. Nakapagbibigay ng angkop na pamagat ng teksto |
| | Natutukoy ang tayutay (onomatopeya) sa pagbibigay-kahulugan ng pahayag sa binasa o napakinggang teksto |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
| --- | --- |
| | Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan |
| | Nauunawaan ang tekstong impormatibo (pag-iisa at paglalarawan)<br>a. Natutukoy ang mahahalagang impormasyon ng teksto |
| | b. Nakikilala ang paksa, pangunahin, at mga pansuportang detalye |
| | c. Nakapagbibigay ng sariling reaksiyon |
| | Nasusuri ang layon ng teksto<br>● magsalaysay (alamat, pabula, parabula, anekdota)<br>● maglahad (pag-iisa-isa at paglalarawan) |
| **Pagsasalita at Pagsulat (Kasanayang Produktibo)** | Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap<br>a. panandang konteksto<br>• kasingkahulugan<br>• kasalungat<br>• pagbibigay ng halimbawa |
| | b. tayutay<br>• onomatopeya |
| | Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa:<br>a. layon (magsalaysay at maglahad) |
| | b. kahulugan |
| | c. tagapakinig/tagapanood/mambabasa |
| | d. konteksto (salusalo at kaarawan) |
| | e. tono at damdamin |
| | Nakabubuo ng pahayag gamit ang hugnayang pangungusap |
| | Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag |
| | a. Gamit ng mga Panlapi<br>● unlapi<br>● gitlapi<br>● hulapi<br>● kabilaan |
| | b. Pangatnig<br>● pangatnig na nag-uugnay ng magkatimbang<br>● pangatnig na nag-uugnay ng di-magkatimbang |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | c. Pangngalan<br>● uri ng pangngalan (pantangi)<br>● uri ng pangngalan (pambalana: tahas/kongkreto, basal/di-kongkreto, at lansakan)<br>● kayarian ng pangngalan (payak at maylapi) |
| | d. Panghalip Panao |
| | e. Pang-uring Panlarawan<br>● kayarian ng pang-uri (payak at maylapi) |
| | f. Pang-abay<br>● pamanahon<br>● panlunan |
| | Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso<br>a. nagsasalaysay (alamat, pabula, parabula, at anekdota) |
| | b. naglalahad (pag-iisa-isa at paglalarawan) |
| | Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag-uugnay ng mga ideya ayon sa layon, kahulugan, tagapakinig/mambabasa, at konteksto<br>a. tekstong naratibo (alamat, pabula, parabula at anekdota) |
| | b. tekstong impormatibo (pag-iisa at paglalarawan)<br>● pag-iisa-isa<br>● paglalarawan |
| | Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa iba't ibang sitwasyon:<br>● pakikipag-usap sa kasapi ng pamilya (pagpapaalam, pag-uutos, paghingi ng paumanhin, pagsali sa usapan ng may edad) |
| | Nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag:<br>• kilos at galaw ng katawan (kumpas, padyak, tayo, atbp.)<br>• ekspresyon ng mukha |
| | Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura tuwing may salusalo at pagdiriwang ng kaarawan |
| | Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layon ng akademiya at transaksiyonal na teksto<br>• liham pangkaibigan (paanyaya) |
| | Nagagamit ang mga bahagi ng aklat bilang isa sa pangkalahatang sanggunian (pabalat, pahina ng pamagat, pahina ng karapatang sipi, paunang salita) |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| **Panonood at Presentasyon** | Natutukoy ang mga elementong biswal (linya, hugis, kulay, espasyo, pag-aanyo at direksyon (*directionary*) at ang kahulugan nito |
| | Nabibigyang kahulugan ang mga tekstong biswal (*teksto, memes, logo, icons*, *barcode, QR Code,* atbp,) na namasid at napanood batay sa mga elemento nito |

**BAITANG 4**
**IKALAWANG MARKAHAN**

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabularyo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (anekdota, tulang pambata, at kuwentong-bayan) at tekstong impormatibo (paglalahad muli (*recount*) gaya ng talaarawan at talambuhay ng sarili), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng salaysay ng karanasang lokal o rehiyonal at tungkol sa sarili (talambuhay ng sarili o *autobiography*). |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| **Pakikinig at Pagbasa (Kasanayang Pagtanggap)** | Nauunawaan ang tekstong naratibo (anekdota, tulang pambata, at kuwentong bayan)<br>a. Natutukoy ang mga bahagi ng teksto (simula, gitna, wakas) |
| | b. Naibibigay ang kahulugan sa kilos at pahayag ng tauhan |
| | c. Natutukoy ang magkakaugnay na pangyayari |
| | d. Naibibigay ang opinyon at reaksiyon sa ikinilos ng tauhan |
| | e. Nababago ang katangian o pag-uugali ng mga tauhan |
| | Natutukoy ang tayutay (asonansya) sa pagbibigay-kahulugan ng pahayag sa binasa o napakinggang teksto |
| | Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan |
| | Nauunawaan ang tekstong impormatibo (paglalahad muli (*recount*) gaya ng talaarawan at talambuhay ng sarili o *autobiography*<br>a. Natutukoy ang mahahalagang impormasyon ng teksto |
| | b. Natutukoy ang katotohanan at opinyon |
| | c. Nakikilala ang paksa, pangunahin, at mga pansuportang detalye |
| | Nasusuri ang layon ng teksto<br>● magsalaysay (anekdota, tulang pambata, kuwentong-bayan)<br>● maglahad muli (*recount* – talaarawan at talambuhay ng sarili) |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| **Pagsasalita at Pagsulat (Kasanayang Produktibo)** | Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap<br>a. panandang konteksto<br>• kasingkahulugan<br>• kasalungat<br>• pagbibigay ng halimbawa |
| | b. tayutay<br>• asonansya |
| | Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa:<br>a. layon (magsalaysay at maglahad) |
| | b. kahulugan |
| | c. tagapakinig/tagapanood/mambabasa |
| | d. konteksto (binyagan at kasalan) |
| | e. tono at damdamin |
| | Nakabubuo ng pahayag gamit ang hugnayang pangungusap |
| | Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag |
| | a. Pangatnig<br>• pangatnig na nag-uugnay ng magkatimbang<br>• pangatnig na nag-uugnay ng di-magkatimbang |
| | b. Pangngalan<br>• kayarian ng pangngalan (inuulit at tambalan) |
| | c. Panghalip Pamatlig |
| | d. Pang-uring Panlarawan<br>• kayarian ng pang-uri (inuulit at tambalan) |
| | e. Pang-uring Pamilang<br>• patakaran |
| | f. Pang-abay<br>• pamaraan |
| | g. Pandiwa<br>• aspekto (pawatas, naganap/perpektibo, at katatapos) |
| | Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso<br>a. nagsasalaysay (anekdota, tulang pambata, at kuwentong-bayan) |
| | b. naglalahad (paglalahad muli /*recount*) |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag-uugnay ng mga ideya ayon sa layon, kahulugan, tagapakinig/mambabasa, at konteksto<br>a. tekstong naratibo (anekdota, tulang pambata, at kuwentong-bayan) |
| | b. tekstong impormatibo (paglalahad muli/*recount*)<br>● talaarawan<br>● talambuhay ng sarili/*autobiography* |
| | Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa iba't ibang sitwasyon:<br>● pakikipag-usap sa kasapi ng pamilya (pagpapaalam, pag-uutos, paghingi ng paumanhin, pagsali sa usapan ng may edad) |
| | Nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag:<br>• kilos at galaw ng katawan (kumpas, padyak, tayo, atbp.)<br>• ekspresyon ng mukha |
| | Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura tuwing may binyagan at kasalan |
| | Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layong akademik at transaksiyonal na teksto<br>• liham pangkaibigan (pagbati) |
| | Nagagamit ang mga bahagi ng aklat bilang isa sa pangkalahatang sanggunian (talaan ng nilalaman, katawan ng aklat) |
| **Panonood at Presentasyon** | Nailalarawan ang ipinahihiwatig na kahulugan ng mga elementong biswal (linya, hugis, kulay, espasyo, pag-aanyo) at direksyon (*directionary*) na nasa tekstong namasid o napanood |
| | Napaghahambing ang kahulugan ng mga tekstong biswal na makikita sa mga babala, anunsiyo, at patalastas |

**BAITANG 4**
**IKATLONG MARKAHAN**

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabularyo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan) at tekstong impormatibo (paglalahad muli (*recount*) ng talambuhay (*biography*) ng taong may makabuluhang ambag sa lipunan), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng talambuhay ng mga Pilipinong may makabuluhang ambag sa lipunang (*recount*) lokal o rehiyonal. |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| **Pakikinig at Pagbasa (Kasanayang Pagtanggap)** | Nauunawaan ang tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan)<br>a. Natutukoy ang nagsasalita/nagsasalaysay |
| | b. Naibibigay ang sariling solusyon sa suliranin |
| | c. Nahihinuha ang susunod na pangyayari |
| | d. Naibibigay ang opinyon at reaksiyon sa pangyayari |
| | e. Naiiba o nababago ang mga pangyayari sa teksto |
| | Natutukoy ang tayutay (aliterasyon) sa pagbibigay-kahulugan ng pahayag sa binasa o napakinggang teksto |
| | Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan |
| | Nauunawaan ang tekstong impormatibo (paglalahad muli (*recount*) ng talambuhay (*biography*) ng taong may makabuluhang ambag sa lipunan gaya ng mga bayani, manggagawa, dalubhasa at iba pa<br>a. Naibabalangkas ang mahahalagang impormasyon |
| | b. Naibibigay ang sariling reaksiyon |
| | c. Natutukoy ang katotohanan at opinyon |
| | Nasusuri ang layon ng teksto<br>● magsalaysay (mito, epiko, tulang pambata, kuwentong kababalaghan)<br>● maglahad (*recount*- talambuhay ng taong may makabuluhang ambag sa lipunan) |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| **Pagsasalita at Pagsulat (Kasanayang Produktibo)** | Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap<br>a. panandang konteksto<br>• kasingkahulugan<br>• kasalungat<br>• pagbibigay ng halimbawa |
| | b. tayutay<br>• aliterasyon |
| | Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa:<br>a. layon (magsalaysay at maglahad) |
| | b. kahulugan |
| | c. tagapakinig/tagapanood/mambabasa |
| | d. konteksto (lamay at pulong) |
| | e. tono at damdamin |
| | Nakabubuo ng pahayag gamit ang hugnayang pangungusap |
| | Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag |
| | a. Pangatnig<br>• pangatnig na nag-uugnay ng magkatimbang<br>• pangatnig na nag-uugnay ng di-magkatimbang |
| | b. Panghalip<br>• pananong<br>• panaklaw |
| | c. Pang-uring pamilang<br>• panunuran |
| | d. Pang-abay<br>• panggaano |
| | e. Kataga o Ingklitik |
| | f. Pandiwa<br>• aspekto (nagaganap/imperpektibo) |
| | Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | a. nagsasalaysay (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan) |
| | b. naglalahad (paglalahad muli/*recount*) |
| | Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag-uugnay ng mga ideya ayon sa layon, kahulugan, tagapakinig/mambabasa, at konteksto<br>a. tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan) |
| | b. tekstong impormatibo (paglalahad muli/*recount*) gaya ng talambuhay ng mga Pilipinong may makabuluhang ambag sa lipunan (*biography*) |
| | Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa iba't ibang sitwasyon:<br>● pakikipag-usap sa kasapi ng pamilya (pagpapaalam, pag-uutos, paghingi ng paumanhin, pagsali sa usapan ng mga may edad) |
| | Nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag:<br>• kilos at galaw ng katawan (kumpas, padyak, tayo, atbp.)<br>• ekspresyon ng mukha |
| | Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura tuwing may lamay at pulong |
| | Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layon ng akademiya at transaksiyonal na teksto<br>• liham pangkaibigan (pakikiramay) |
| | Nagagamit ang mga bahagi ng aklat bilang isa sa pangkalahatang sanggunian (glosari, bibliyograpiya) |
| **Panonood at Presentasyon** | Nasusuri ang kaangkupan ng elementong biswal at simbolong kultural na ginamit sa pagbuo ng teksto (teksto, *memes, logo, icons, barcode, QR Code, cartooning, atbp*.) |
| | Naibibigay ang layon ng mga tekstong biswal (babala, anunsiyo, patalastas, atbp.) |

**BAITANG 4**
**IKAAPAT NA MARKAHAN**

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan) at tekstong impormatibo (pagsusunod-sunod sa panuto, hakbang, at proseso), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tulang pambata na nagsasaad ng proseso ng isang gawain sa lokal o rehiyonal na lipunan. |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| **Pakikinig at Pagbasa (Kasanayang Pagtanggap)** | Nauunawaan ang tekstong naratibo (mito, epiko, kuwentong kababalaghan, at tulang pambata)<br>a. Natutukoy ang sanhi at bunga ng mga pangyayari |
| | b. Naibibigay ang pagkakaiba at pakakatulad ng mga pangyayari |
| | c. Nahuhulaan ang posibleng kalalabasan ng pangyayari |
| | d. Naibibigay ang natuklasang kaalaman sa teksto |
| | e. Nakapagbibigay ng sariling sa pagwawakas |
| | Natutukoy ang tayutay (simili o pagtutulad) sa pagbibigay-kahulugan ng pahayag sa binasa o napakinggang teksto |
| | Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan |
| | Nauunawaan ang tekstong impormatibo (pagsunod-sunod sa panuto, hakbang at proseso<br>a. Naisasaayos ang mga hakbang at proseso gamit ang balangkas at dayagram |
| | b. Naipakikita ang nakalap na impormasyon gamit ang balangkas o dayagram |
| | c. Naibibigay ang lagom ng teksto |
| | Nasusuri ang layon ng teksto<br>● magsalaysay (mito, epiko, kuwentong kababalaghan, at tulang pambata)<br>● maglahad (pagsusunod-sunod sa panuto, hakbang at proseso) |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
| --- | --- |
| **Pagsasalita at Pagsulat (Kasanayang Produktibo)** | Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap<br>a. panandang konteksto<br>• kasingkahulugan<br>• kasalungat<br>• pagbibigay ng halimbawa |
| | b. tayutay<br>• pagtutulad/simili |
| | Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa:<br>a. layon (magsalaysay at maglahad)<br>b. kahulugan<br>c. tagapakinig/tagapanood/mambabasa<br>d. konteksto (Kapistahan at Pambansang Pistang Opisyal)<br>e. tono at damdamin |
| | Nakabubuo ng pahayag gamit ang hugnayang pangungusap |
| | Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag |
| | a. Pangatnig<br>• pangatnig na nag-uugnay ng magkatimbang<br>• pangatnig na nag-uugnay ng di-magkatimbang |
| | b. Panghalip Pamanggit |
| | c. Pang-uring Pamilang<br>• pamahalagi |
| | d. Kaantasan ng Pang-uri<br>• lantay |
| | e. Pang-abay<br>• pang-agam |
| | f. Pandiwa<br>• Aspekto (magaganap/kontemplatibo) |
| | Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso<br>a. nagsasalaysay (mito, epiko, kuwentong kababalaghan, at tulang pambata)<br>b. naglalahad (pagsusunod-sunod sa panuto, hakbang, at proseso) |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag-uugnay ng mga ideya ayon sa layon, kahulugan, tagapakinig/mambabasa, at konteksto<br>a. tekstong naratibo (mito, epiko, kuwentong kababalaghan, at tulang pambata) |
| | b. tekstong impormatibo (pagsunod-sunod sa panuto, hakbang, at proseso) |
| | Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa iba't ibang sitwasyon:<br>• pakikipag-usap sa kasapi ng pamilya (pagpapaalam, pag-uutos, paghingi ng paumanhin, pagsali sa usapan ng mga may edad) |
| | Nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag:<br>• kilos at galaw ng katawan (kumpas, padyak, tayo, atbp.)<br>• ekspresyon ng mukha |
| | Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura tuwing may kapistahan at pambansang pistang opisyal |
| | Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layon ng akademiya at transaksiyonal na teksto<br>• liham pangkaibigan (pasasalamat) |
| | Nagagamit ang mga bahagi ng aklat bilang isa sa pangkalahatang sanggunian (indeks, apendiks) |
| **Panonood at Presentasyon** | Nagagamit ang mga angkop na elemento at simbolong kultural sa pagbuo ng tekstong biswal |
| | Nakabubuo ng tekstong biswal (babala, anunsiyo, patalastas, atbp.) batay sa layon |

**BAITANG 7**

**PAMANTAYAN PARA SA IKAPITONG BAITANG**

| |
|---|
| Pagkatapos ng **Ikapitong Baitang**, naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo at nauunawaan at nasusuri ang Obra Maestrang **Ibong Adarna**, mga tekstong nasusulat tulad ng panitikan sa Panahon ng Katutubo hanggang sa Panahon ng Pananakop ng Espanya gayundin ang mga tekstong impormasyonal, akademik, at biswal para sa pagbuo ng makabuluhang tekstong multimodal na gamit ang mga natutuhang elementong panlingguwistika tungo sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino. |

**BAITANG 7**
**UNANG MARKAHAN**

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Katutubo (Tula) at tekstong impormasyonal (ekspositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng sanaysay tungkol sa pinakatampok na mga pangyayari sa buhay ng isang tauhan sa binasang akda at borador ng *comic book brochure* na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo, at etikal na kasanayan at pananagutan. |

| **SUB-DOMEYN** | **KASANAYANG PAMPAGKATUTO** |
|---|---|
| **Pag-unawa at pagsusuri sa mga tekstong nasusulat** | **TEKSTONG PAMPANITIKAN** |
| | **Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa panahon ng katutubo kaugnay ng mga tekstong pampanitikan**<br>• Kaligirang Pangkasaysayan (Panitikan sa Panahon ng Katutubo -Tula) |
| | **Nasusuri ang mga detalye ng teksto para sa kritikal na pag-unawa**<br><br>**Mga Tula sa Panahon ng Katutubo**<br>• Tula at Karunungang bayan (katulad ng bugtong, tanaga, sawikain, salawikain at kasabihan)<br>• Awiting-bayan (katulad ng dalit, oyayi, kundiman, diona, dung-aw, soliranin, talindaw at iba pa)<br>• Epikong bayan (katulad ng Alim, Bantugan, Biag ni Lam-ang, Ibalon, Kudaman, Labaw Donggon at iba pa) |

| | |
|---|---|
| | (a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (persona, sukat at tugma, talinghaga at estilo) at detalye (paksa, nilalaman at kaisipan) ng teksto<br>(b) Naipaliliwanag ang nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang diwa/ imahen sa teksto<br>(c) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng tula batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>(d) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda<br>(e) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (sukat, tugma, tono at talinghaga) ng teksto<br>(f) Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, *norms*, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon |
| | **TEKSTONG IMPORMASYONAL** |
| | **Nauunawaan ang tekstong ekspositori gamit ang mga kasanayang pang-akademik**<br><br>• **Mga kasanayang pang-akademik** (katulad ng pagtukoy sa paksa, layon at ideya, pagtatala ng mahahalagang impormasyon (detalye), mekaniks sa pagsulat (diksyon, estilo at paggamit ng transisyonal at kohesiyong gramatikal), paggamit ng angkop na mga salita sa pagbuo ng talata at pagpapahayag ng mga ideya)<br><br>• **Mga tekstong ekspositori** (katulad ng memoirs, journals, personal na sanaysay, kasaysayan, heograpiya, aklat ukol sa mga hayop at halaman, tekstong pang-instruksyon, siyentipiko at medikal na teksto at ulat, legal na dokumento, impormasyonal na brochure, menu, resipe, listahan ng mga pamimili, at deskripsyon ng nilalaman ng produkto at transkripsyon ng talumpati)<br><br>(a) Natutukoy ang paksa, layon, at ideya sa teksto<br>(b) Nakapagtatala ng mahahalagang impormasyon<br>(c) Naipaliliwanag ang mahahalagang ideya at detalye gamit ang diksyon, estilo, transisyonal at kohesiyong gramatikal at kaangkupan ng salita at ideya na nais iparating sa mambabasa |
| | **Nasusuri ang tekstong ekspositori batay sa estruktura nito**<br>• deskripsyon<br>• pagkakaiba at pagkakatulad<br>• sanhi at bunga<br>• suliranin at solusyon<br>• pagkakasunod-sunod at proseso |
| **Pag-unawa at Pagsusuri ng mga Tekstong Biswal** | **Nasusuri ang mga tekstong biswal batay sa mga elemento**<br><br>• mga teknikal na biswal (laki, espasyo, kulay, linya, anyo at imahen) |

| | |
|---|---|
| | • estereotipo (uri, kasarian, edad, etnisidad, pangkat, antas ng pamumuhay, diaspora, at PWD)<br><br>**Mga elemento ng tekstong biswal na comic book** *(*katulad ng istrip, ilustrasyon ng tauhan, dayalog, *caption*, *sound effects,* pabalat o *cover*, *panel*, *gutter*, tema at disenyo)<br><br>(a) Naipaliliwanag ang mga elemento ng tekstong biswal<br>(b) Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng teksto (panitikan at ekspositori) |
| **Paglikha at Presentasyon ng Tekstong Multimodal** | **Nakabubuo ng sanaysay tungkol sa pinakatampok na mga pangyayari sa buhay ng isang tauhan sa binasang akda sa pamamagitan ng tekstong multimodal (katulad ng *comic book brochure*)**<br><br>a. Natutukoy ang tiyak na tauhang itatampok sa sanaysay<br>b. Naitatala ang mga tiyak na dayalog at *caption* sa istrip na makapaglalarawan sa tauhan<br>c. Naiguguhit ang imahen/ larawan ng tauhan batay sa mga pangyayari at dayalog *(*ilustrasyon ng tauhan, tema*, panel, gutter)* na kinasangkutan nito<br>d. Nakabubuo ng borador ng disenyo at pabalat ng *comic book brochure* gamit ang mga elementong biswal |
| | **Naibabahagi ang nabuong proseso sa paglikha ng sanaysay tungkol sa pinakatampok na mga pangyayari sa buhay ng isang tauhan sa binasang akda at borador ng *comic book brochure* sa napiling *platform* na isinasaalang-alang ang kasanayang komunikatibo *(story telling),* at etikal na kasanayan at pananagutan** |

**BAITANG 7**
**IKALAWANG MARKAHAN**

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Katutubo (Tuluyan) at tekstong impormasyonal (ekspositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng sanaysay tungkol sa pinakatampok na mga pangyayari sa buhay ng isang tauhan sa binasang akda at disenyo ng *comic book brochure* na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo, at etikal na kasanayan at pananagutan |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| **Pag-unawa at pagsusuri sa mga tekstong nasusulat** | **TEKSTONG PAMPANITIKAN** |
| | **Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa panahon ng katutubo kaugnay ng mga tekstong pampanitikan**<br>• Kaligirang Pangkasaysayan (Panitikan sa Panahon ng Katutubo-Tuluyan) |
| | **Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa**<br><br>**Mga Tuluyan Sa Panahon ng Katutubo:**<br>• Kuwentong-bayan (katulad ng alamat, pabula at kuwentong posong)<br>• Dula (katulad ng katutubong sayaw at rituwal ng babaylan)<br><br>(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (tauhan, tagpuan, banghay na tuon sa tunggalian) at detalye sa tuluyan<br>(b) Naipaliliwanag ang banghay (katulad ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari; pagyuyugto ng mga pangyayari (*foreshadowing*) at pagbabalik-tanaw sa mga pangyayari (*in medias res*), mensahe, pahiwatig at kaisipan sa binasang tuluyan<br>(c) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan sa tuluyan batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>(d) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tuluyan) batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda<br>(e) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (bisa ng salita, pahiwatig, idyomatikong pahayag, estilo) ng tuluyan<br>(f) Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, *norms*, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon |

<table>
<tr><td rowspan="3"></td><th>TEKSTONG IMPORMASYONAL</th></tr>
<tr><td>Nauunawaan ang tekstong ekspositori gamit ang mga kasanayang pang-akademik
<ul>
<li>Mga kasanayang pang-akademik (katulad ng pagtukoy sa paksa, layon at ideya, pagtatala ng mahahalagang impormasyon (detalye), mekaniks sa pagsulat (diksyon, estilo at paggamit ng transisyonal at kohesiyong gramatikal), paggamit ng angkop na mga salita sa pagpapahayag ng mga ideya at pagbuo ng talata)</li>
<li>Mga tekstong ekspositori (katulad ng memoirs, journals, personal na sanaysay, kasaysayan, heograpiya, aklat ukol sa mga hayop at halaman, tekstong pang-instruksyon, siyentipiko at medikal na teksto at ulat, legal na dokumento, impormasyonal na brochure, menu, resipe, listahan ng mga pamimili, at deskripsyon ng nilalaman ng produkto at transkripsyon ng talumpati)</li>
</ul>
(a) Natutukoy ang paksa, layon, at ideya sa teksto<br>
(b) Nakapagtatala ng mahahalagang impormasyon<br>
(c) Naibabalangkas ang mahahalagang detalye at ideya mula sa teksto<br>
(d) Naipaliliwanag ang mahahalagang ideya at detalye gamit ang diksyon, estilo, transisyonal at kohesiyong gramatikal at kaangkupan ng salita at ideya na nais iparating sa mambabasa</td></tr>
<tr><td>Nasusuri ang tekstong ekspositori batay sa estruktura nito
<ul>
<li>deskripsyon</li>
<li>pagkakaiba at pagkakatulad</li>
<li>sanhi at bunga</li>
<li>suliranin at solusyon</li>
<li>pagkakasunod-sunod at proseso</li>
</ul></td></tr>
<tr><td>Pag-unawa at Pagsusuri ng mga Tekstong Biswal</td><td>Nasusuri ang mga tekstong biswal batay sa mga elemento
<ul>
<li>mga teknikal na biswal (laki, espasyo, kulay, linya, anyo at imahen)</li>
<li>estereotipo (uri, kasarian, edad, etnisidad, pangkat, antas ng pamumuhay, diaspora, at PWD)</li>
</ul>
Mga elemento ng tekstong biswal na comic book (katulad ng disenyo: tipo, sukat, tupi (fold), at kulay)<br>
(a) Naipaliliwanag ang mga elemento ng tekstong biswal<br>
(b) Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng teksto (panitikan at ekspositori)</td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| **Paglikha at Presentasyon ng Tekstong Multimodal** | **Nakabubuo ng sanaysay tungkol sa pinakatampok na mga pangyayari sa buhay ng isang tauhan sa binasang akda sa pamamagitan ng tekstong multimodal (katulad ng *comic book brochure*)**<br><br>(a) Natutukoy ang tiyak na tauhang itatampok sa sanaysay<br>(b) Naitatala ang mga tiyak na dayalog at *caption* sa istrip na makapaglalarawan sa tauhan<br>(c) Naiguguhit ang imahen/ larawan ng tauhan batay sa mga pangyayari at dayalog *(*ilustrasyon ng tauhan, tema*, panel, gutter)* na kinasangkutan nito<br>(d) Nakabubuo ng borador ng disenyo at pabalat ng *comic book brochure* gamit ang mga elementong biswal<br>(e) Natutukoy ang tiyak na tipo ng *brochure* na paglalapatan ng sanaysay<br>(f) Naibabalangkas ang mga tiyak na dayalog, *caption (istrip* at dayalog*)* na makapaglalarawan sa tauhan<br>(g) Nakapagsasagawa ng pagdisenyo/ pag-aanyo ng *comic book brochure* ( tipo, sulat, tupi, at kulay)<br>(h) Nakabubuo ng borador para sa *comic book brochure* gamit ang mga elementong biswal |
| | **Naibabahagi ang nabuong proseso sa pagdisenyo ng *comic book brochure* ng sanaysay tungkol sa pinakatampok na mga pangyayari sa buhay ng isang tauhan sa napiling *platform* na isinasaalang-alang ang kasanayang komunikatibo *(story telling),* at etikal na kasanayan at pananagutan** |

**BAITANG 7**
**IKATLONG MARKAHAN**

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Pananakop ng Espanya, tekstong impormasyonal (ekspositori) at balita para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (*multimodal*) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng sanaysay tungkol sa pinakatampok na mga pangyayari sa buhay ng isang tauhan sa binasang akda sa pamamagitan ng pinal na *comic book brochure* na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo, at etikal na kasanayan at pananagutan |

| **SUB-DOMEYN** | **KASANAYANG PAMPAGKATUTO** |
|---|---|
| **Pag-unawa at pagsusuri sa mga tekstong nasusulat** | **TEKSTONG PAMPANITIKAN** |
| | **Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa panahon ng pananakop ng Espanya kaugnay ng mga tekstong pampanitikan**<br>• Kaligirang Pangkasaysayan (Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Espanya) |
| | **Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa**<br><br>**Mga Akda sa Panahon ng Pananakop ng Espanya**<br><br>• Mga akdang panrelihiyon (gaya ng pasyon, dasal at iba pa )<br>• Akdang pangkagandahang-asal<br>• Dula (gaya ng senakulo, tibag, Flores de Mayo, Santacruzan at iba pa)<br>• Awit at korido<br><br>(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento at detalye sa mga akda<br>(b) Naipaliliwanag ang mensahe o pahiwatig at kaisipang nakapaloob sa mga akda<br>(c) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng akda batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>(d) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tuluyan) batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda |

| | |
|---|---|
| | (e) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika at gamit ng wika sa akda<br>(f) Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, *norms*, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon |
| | **TEKSTONG IMPORMASYONAL** |
| | **Nauunawaan ang tekstong ekspositori gamit ang mga kasanayang pang-akademik**<br><br>• **Mga kasanayang pang-akademik** (katulad ng pagtukoy sa paksa, layon at ideya, pagtatala ng mahahalagang impormasyon (detalye), mekaniks sa pagsulat (diksyon, estilo at paggamit ng transisyonal at kohesiyong gramatikal), paggamit ng angkop na mga salita sa pagpapahayag ng mga ideya at pagbuo ng talata)<br><br>• **Mga tekstong pampahayagan** (**balita**)<br><br>(a) Natutukoy ang paksa, layon, at ideya sa teksto<br>(b) Naiisa-isa ang mga *platform* at katangian ng mga tekstong pampahayagan<br>(c) Nakapagtatala ng mahahalagang impormasyon (katulad ng narinig at direktang sinabi mula sa interbyu, direktang sipi mula sa nabasa, *paraphrasing* sa mahahalagang detalye at ideya mula sa teksto)<br>(d) Naipaliliwanag ang mahahalagang ideya at detalye gamit ang diksyon, estilo, transisyonal at kohesiyong gramatikal at kaangkupan ng salita at ideya na nais iparating sa mambabasa<br>(e) Natutukoy ang paraan ng pagtutumbas at/o panghihiram ng salita sa teksto<br><br>**Nasusuri ang tekstong pampahayagan (balita) batay sa estruktura at katangian nito**<br>• pabaligtad na piramide – sumagot sa tanong na Sino, Ano, Kailan, Saan, at Paano<br>• paraan ng pagsulat |
| **Pag-unawa at Pagsusuri ng mga Tekstong Biswal** | **Nasusuri ang mga tekstong biswal batay sa mga elemento**<br><br>• mga teknikal na biswal (laki, espasyo, kulay, linya, anyo at imahen)<br>• estereotipo (uri, kasarian, edad, etnisidad, pangkat, antas ng pamumuhay, diaspora, at PWD)<br><br>**Mga elemento ng tekstong biswal na *comic book brochure***<br><br>(a) Naipaliliwanag ang mga elemento ng tekstong biswal<br>(b) Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng teksto (panitikan at ekspositori) |
| **Paglikha at Presentasyon ng Tekstong Multimodal** | **Nakabubuo ng sanaysay tungkol sa pinakatampok na mga pangyayari sa buhay ng isang tauhan sa binasang akda sa pamamagitan ng tekstong *multimodal* (katulad ng *comic book brochure*)** |

| | |
|---|---|
| | (a) Natutukoy ang tiyak na tauhang itatampok sa sanaysay<br>(b) Naitatala ang mga tiyak na dayalog at *caption* sa istrip na makapaglalarawan sa tauhan<br>(c) Naiguguhit ang imahen/ larawan ng tauhan batay sa mga pangyayari at dayalog *(*ilustrasyon ng tauhan, tema*, panel, gutter)* na kinasangkutan nito<br>(d) Nakabubuo ng borador ng disenyo at pabalat ng *comic book brochure* gamit ang mga elementong biswal<br>(e) Natutukoy ang tiyak na tipo ng *brochure* na paglalapatan ng sanaysay<br>(f) Naibabalangkas ang mga tiyak na dayalog, *caption (istrip* at dayalog*)* na makapaglalarawan sa tauhan<br>(g) Nakapagsasagawa ng pagdisenyo/ pag-aanyo ng *comic book brochure* ( tipo, sulat, tupi, at kulay)<br>(h) Nakabubuo ng borador para sa *comic book brochure* gamit ang mga elementong biswal<br>(i) Natutukoy ang mga elemento ng *comic book brochure* na paglalapatan ng sanaysay<br>(j) Nakapagsasagawa ng pinal na pagdisenyo/ pag-aanyo ng *comic book brochure* batay sa elemento nito |
| | **Naibabahagi ang nilikhang tekstong *multimodal* ng pinal na *comic book brochure* tungkol sa pinakatampok na mga pangyayari sa buhay ng isang tauhan sa binasang akda sa napiling *platform* na isinasaalang-alang ang kasanayang komunikatibo *(story telling),* at etikal na kasanayan at pananagutan** |

**BAITANG 7**
**IKAAPAT NA MARKAHAN**

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestra – **Ibong Adarna** para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (*multimodal)* para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng iskrip para sa *shadow play* tungkol sa mahahalagang pangyayari sa **Ibong Adarna** na maiuugnay sa pagiging Pilipino na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at *multimodal* na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |

| **SUB-DOMEYN** | **KASANAYANG PAMPAGKATUTO** |
|---|---|
| **Pag-unawa at pagsusuri sa mga tekstong nasusulat** | **TEKSTONG PAMPANITIKAN** |
| | **Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa kaligirang pangkasaysayan ng Obra Maestra – Ibong Adarna**<br>• Kaligirang Pangkasaysayan (Ibong Adarna) |
| | **Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa**<br>Obra: Ibong Adarna<br>• Saknong 1-6<br>• Saknong 7-442<br>• Saknong 443-1006<br>• Saknong 1007-1717<br>(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (tauhan, tagpuan, banghay na tuon sa tunggalian) at detalye sa Ibong Adarna<br>(b) Naipaliliwanag ang banghay (gaya ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari; pagyuyugto ng mga pangyayari (*foreshadowing*) at pagbabalik-tanaw sa mga pangyayari (*in medias res*), mensahe, pahiwatig at kaisipan sa Ibong Adarna<br>(c) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng Ibong Adarna batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>(d) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto batay sa konteksto ng panahon, lunan, at may-akda<br>(e) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika sa Ibong Adarna (sukat, tugma, talinghaga, at estilo)<br>(f) Nakapaghahambing ng mga tekstong hawig sa Ibong Adarna at iba pang koridong nasusulat sa Pilipinas at sa ibang bansa |

| | |
|---|---|
| **Pag-unawa at Pagsusuri ng mga Tekstong Biswal** | **Nasusuri ang mga tekstong biswal na makikita sa Ibong Adarna**<br><br>• mga teknikal na biswal (laki, espasyo, kulay, linya, anyo at imahen)<br>• estereotipo (uri, kasarian, edad, etnisidad, pangkat, antas ng pamumuhay, diaspora, at PWD)<br><br>(a) Naipaliliwanag ang kahulugan ng tekstong biswal sa Obra Maestra- Ibong Adarna<br>(b) Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng Obra Maestra- Ibong Adarna |
| **Paglikha at Presentasyon ng Tekstong Multimodal** | **Nakabubuo ng iskrip para sa *shadow play* tungkol sa mahahalagang pangyayari sa Ibong Adarna na maiuugnay sa pagiging Pilipino**<br><br>(a) Nakapipili ng mahahalagang pangyayari sa Ibong Adarna na maiuugnay sa pagiging Pilipino<br>(b) Nakasusulat ng plano at borador ng pagtatanghal<br>(c) Nakasusulat ng iskrip para sa *shadow play*<br>(d) Natutukoy ang mga elementong gagamitin sa pagbuo ng mga *puppet*<br>(e) Nakapagsasagawa ng *shadow play* batay sa elemento ng tekstong biswal |
| | **Naibabahagi ang nilikhang tekstong multimodal sa napiling *platform* na isinasaalang-alang ang mga kasanayang komunikatibo, at etikal na kasanayan at pananagutan** |